Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Paggamit ng Angkop na Pangatnig (Mga Sagot)

Kakayahan: Nagagamit ang angkop na pangatnig upang mabuo ang pangungusap

Isulat sa patlang ang pangatnig na bubuo sa pangungusap.

1. Aling kamiseta ang isusuot mo, ang puti ___o___ ang asul?
2. Mahusay gumuhit ___at___ magpinta si Tom.
3. Maganda nga ang dalaga ___ngunit/pero/subalit___ masungit naman siya.
4. Nais niyang makakuha ng mataas na marka sa pagsusulit ___kaya___ nag-aaral siya gabi-gabi.
5. Mag-iipon ako ng pera ___para/upang___ makabili ako ng mga bagong aklat para sa pasukan.
6. Kumakanta ang babae ___habang___ pinapaliguan niya ang kanyang sanggol.
7. Sasama ako sa inyo manood ng sine ___kung___ papayagan ako ng aking mga magulang.
8. Gusto ni Ben matutong lumangoy ___ngunit/pero/subalit___ natatakot siya sa malalakas na alon ng dagat.
9. Maliligo ka na ba ___o___ magsisipilyo ka muna?
10. Bibisitahin natin si Lola sa Sabado ___dahil___ ipagdiriwang natin ang kanyang ika-siyamnapu't na kaarawan.
11. Magtitimpla ako ng kape para kay Tatay ___ngunit/pero/subalit___ walang mainit na tubig.
12. Maputi ang kanyang kutis ___at___ singkit ang kanyang mga mata.
13. Pupunta lang ako sa *party* ___kung___ sasama ka sa akin.
14. Tumigil ang mga sasakyan ___upang___ makatawid ang mga tao sa lansangan.
15. Itinaas ni Mary ang kanyang kamay ___dahil___ alam niya ang sagot sa tanong ng guro.

© 2014 Pia Noche